



BIKTIMA KA BA NG SEKSWAL NA PAG-ATAKE?

Makakatulong kami

Sekswal na pag-atake ba ang nangyari sa akin?

Kung pinilit ka ng sinumang tao na makilahok sa sekswal na gawain nang labag sa iyong kalooban, ikaw ay nakaranas ng sekswal na pag-atake. Maaaring kabilang dito ang sekswal na paghawak sa ibabaw o ilalim ng iyong damit, pakikipagtalik, oral sex, pagpilit sa iyo na hawakan ang ibang tao sa sekswal na paraan, o iba pang hindi kanais-nais na sekswal na gawain.

Paano kung may relasyon ako sa taong ito? Sekswal na pag-atake pa rin ba ito?

Oo. Sa katunayan, ang mga biktima ay madalas na sekswal na inaatake ng taong kakilala nila. Ang nang-aabuso ay maaaring asawa, kasintahan, amo, kaibigan, o iba pang tao na kakilala mo.

Wala akong anumang mga pisikal na pinsala. Sekswal na pag-atake pa rin ba ito?

Oo. Sa karamihan ng mga kaso, hindi gumagamit ang nang-aabuso ng sandata o pisikal na puwersa. Sa halip, maaaring pagbantaan, takutin, o linlangin ka. Ang paggamit ng alkohol o droga ay isang paraan na ginagamit ng mga nang-aabuso para linlangin ang mga biktima sa paggawa ng sekswal na gawain. Madalas pinagsasamantalahan ng mga nang-aabuso ang mga taong pinaniniwalaan nilang hindi magsusumbong tungkol sa sekswal na pag-atake, tulad ng asawa, bata, imigrante, o taong hindi nagsasalita ng wikang Ingles.

Nahihirapan akong kumain o makatulog, at minsan ay nagkakabangungot ako. Natatakot din ako at nalilito. Normal ba ito?

Oo. Ito ay mga karaniwang reaksiyon pagkatapos ng sekswal na pag-atake, bagaman magkakaiba ang bawat biktima at sila ay may kani-kaniyang karanasan ng sekswal na pag-atake.

Dapat ko bang sabihin sa aking pamilya o kaibigan na ako ay nakaranas ng sekswal na pag-atake?

Ikaw ang magpapasiya kung sino ang nais mong sabihan. Maaaring mahirap magbahagi ng bagay na sobrang personal, ngunit ang pakikipag-usap sa mga tao na pinagkakatiwalaan mo ay maaaring makatulong upang malampasan ang panahon ng pagsubok na ito. Alinman ang iyong desisyon, may karapatan kang maging ligtas mula sa sekswal na pag-atake.

Dapat ko bang isumbong sa pulisya na ako ay nakaranas ng sekswal na pag-atake?

Ikaw ang magpapasiya kung nais mong isumbong ang sekswal na pag-atake sa pulisya. Hindi hinihingi na gawin mo ito.

Magpapatingin ba ako sa doktor kung ako ay nakaranas ng sekswal na pag-atake?

Kung mayroon kang malalang pisikal na pinsala kailangan mong humingi agad ng medikal na atensiyon. Tumawag sa 911. Kung mayroon kang mga alalahanin tungkol sa pagbubuntis o pagkakaroon ng sakit na naipapasa sa pakikipagtalik, kailangan mo ring humingi ng medikal na atensiyon.

Sino ang makakatulong sa akin?

Maaaring nakakalitong panahon ito at maaaring hindi mo alam ang gagawin, ngunit may tulong na available para sa iyo. Mabibigyan ka ng mga sinanay na tagapayo sa Sex Abuse Treatment Center ng suporta na kailangan mo ngayon. Kung kailangan mo ng tagasalin, bibigyan ka ng isa nang libre.

Tawagan ang Sex Abuse Treatment Center Hotline sa 808-524-7273 (24 oras sa isang araw). Ang isa sa miyembro ng aming mga kawani ay magbibigay sa iyo ng pagpapayo sa krisis at impormasyon tungkol sa kung ano ang maaari mong susunod na gawin. Nag-aalok kami ng:

- Libreng medikal na pagsusuri para sa sekswal na pag-atake (sa loob ng 120 oras ng pag-atake)
- Libreng pagpapayo sa krisis
- Impormasyon tungkol sa iyong legal na mga pagpipilian

Lahat ng impormasyon na sasabihin mo sa amin ay mahigpit na pananatiliing kumpidensyal maliban kung hilingin mo na ibahagi ang impormasyon. Hindi mo kailangang isumbong sa pulisya ang iyong sekswal na pag-atake upang matanggap ang aming mga serbisyo.

Paano maapektuhan ang aking katayuan sa imigrasyon kung humingi ako ng mga serbisyo?

Lahat ay maaaring makatanggap ng serbisyo mula sa Sex Abuse Treatment Center, parehong mga mamamayan at di-mamamayan. Kung hindi ka mamamayan ng Estados Unidos, nasyonal ng Estados Unidos, o legal na permanenteng residente, maaaring kwalipikado ka na manatili at magtrabaho sa Estados Unidos kung ikaw ay biktima ng mga partikular na krimen, kabilang ang sekswal na pag-atake, o kung ikaw ay asawa, anak, magulang, o tagapag-alaga ng biktima.

Kung gusto mo ng karagdagang impormasyong tungkol sa iyong mga karapatan bilang imigrante o kung takot kang isumbong ang sekswal na pag-atake sa pulisya, mangyaring tawagan ang Hawai'i Immigrant Justice Center sa Legal Aid Society of Hawai'i, sa 808-536-8826, o nang walang toll mula sa Neighbor Islands sa 1-800-499-4302.

TANDAAN

Hindi ikaw ang may kasalanan kung bakit ka nakaranas ng sekswal na pag-atake.

Hindi ka nag-iisa. Makakatulong kami.

Ang 24-Oras na Hotline ng Sex Abuse Treatment Center: **(808) 524-7273**